MUNICIPALITY OF BALIWAG
ARO19002211

LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

MEMORANDUM CIRCULAR NO. 012, S. 2019

PARA SA : **LAHAT NG PUNONG BARANGAY, TAGA-PANGULO NG KOMITE NG KALIKASAN NG MGA SANGGUNIANG BARANGAY AT MGA MIYEMBRO NG BARANGAY SOLID WASTE MANAGEMENT COMMITTEE**

MULA SA : **TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN**

PAKSA : **MAHALAGANG PABATID**

PETSA : **IKA-19 NG HULYO, 2019**

Pagbati! Bilang pagtalima sa *Republic Act No. 9003 o Ecological Solid Waste Management Act of 2000* ay ipinababatid na simula sa ika-22 ng Hulyo, 2019 araw ng Lunes ay magsisimula ng bumaba sa inyong mga Barangay ang mga *Monitoring Teams* mula sa Pamahalaang Bayan ng Baliwag upang masiguro na ang mga itinatapong basura ng ating mga kababayan ay naaayon sa itinakdang klase ng basura na dapat hakutin sa bawat kabahayan. Inaasahan din na sila ay magsisimulang magdikit ng mga "Tiket" na nagsasaad ng dahilan kung bakit hindi nahakot ang kanilang mga basura. Ang mga hindi mahahakot na basura ay kailangang ibalik sa loob ng kanilang kabahayan upang muli nilang isegregate at antaying muli ang iskedyul ng hakot sa barangay sa mga susunod na araw.

Hinihiling na paalalahanan ang inyong mga nasasakupan na huwag itong hayaan na nakasabit sa bakod o nakakalat sa mga lansangan upang hindi ikalat ng mga aso. Huwag din ito basta itapon sa ibang lugar upang hindi sila pagmultahin. Ang mahigpit na pagpapatupad ng *Segregation Policy* ay ating nakikita bilang pangmatagalang solusyon sa problema ng basura sa ating bayan. Ang aming mga *monitoring teams* ay inaasahan din na magtatala ng bagong timbang at *waste characterization* upang magamit ang mga datos sa pagpaplano.

Ang mga Barangay na mayroong *Material Recovery Facility* o Barangay Kalikasan Center ay pinapayuhan na maghanda sa pagproseso ng mga basurang hindi nabubulok sapagkat ang mga ito ay unti-unti ng hindi isasama sa mga dadalin sa *Transfer Station* at *Sanitary*

Landfill. Ang paglipat ng basura papunta sa mga *sanitary landfill* ay may kaakipat na malaking halaga at gumugugol ng malaki sa ating taunang gugulin na dapat sana ay naiuuwi sa iba pang mga proyektong may kinalaman sa pagpapaunlad ng bayan. Ito rin ang nakikita nating solusyon sa problema ng basura.

Ang mga *biodegradable* o nabubulok ay maaaring gilingin at iproseso upang gawing mga abono o *fertilizer* na maaaring ipamahagi sa ating mga magsasaka o sa gulayan ng mga kabahayan, pook at paaralan. Ang Monitoring Teams ay magtatala din ng kanilang obserbasyon at suliranin sa mga barangay sa pagpapatupad ng proyektong ito.

Hanggang nagsasagawa ang mga tanggapan ng pagpaplano sa nais nating *Uniform Bin System* ay kung maaari ay makagawa kayo ng sistema ng *Pre-Segregation System* upang mas mabilis na makatapos ang pagkolekta sa isang lugar at nang hindi naman mahuli sa iskedyul ng paghakot ng basura sa iba pang lugar. Ang mga lugar na hindi naaabot ng ating mga *truck* ay dapat na mahakutan na din ng barangay. Ang mga iyon ay dapat *segregated* na ng barangay upang mahakot lamang ang nakatakda sa araw na iyon. Maaari din na ito ay iproseso na sa inyong mga Barangay Kalikasan Center.

Habang naaayos natin ang *Segregation System* at naipapatupad ang mga pamamaraan sa *Waste Diversion* tulad ng pagproseso ng mga basurang nabubulok ay patuloy na mababawasan ang ating problema sa basura. Hindi po tayo titigil hanggat mabago natin ang pananaw ng bawat Baliwagenyo sa basura patungo sa pangmatagalang pamamahala natin sa ating kapaligiran at kalikasan.

Mangyaring magtalaga at magpasama kayo ng mga miyembro ng Komite, Barangay Tanod, Mother Leaders at Samahang Sibiko upang higit na makatulong sa pagmonitor ng basura sa inyong nasasakupan.

Pauna na po ang aking pasasalamat sa mga barangay na mahigpit na tumatalima sa inisyatibo ng Pamahalaang Bayan na magkaroon ng komprehensibong plano at higit na solusyon sa problema ng basura sa ating bayan.

Para sa inyong kabatiran at mahigpit na pagtalima.

Sa ngalan ng Serbisyong May Malasakit,

FERDINAND V. ESTRELLA
Punongbayan